# 1

Danielle let out a deep sigh. Pagkalipas ng labindalawang taon ay nagbabalik siya sa paaralang pinasukan niya noong high school. Noong isang linggo lang ay nakatanggap siya ng tawag mula kay Julia, her high school best friend, informing her na magkakaroon ng reunion ang batch nila. Sinabi na lang niyang susubukan niyang pumunta dahil bukod sa busy schedule ay ayaw rin niyang makita ang mga taong kumutya at nanlibak sa kanya noong mga panahong iyon.

Sa kabila ng pag-aalinlangan ay nanaig pa rin ang kanyang pananabik na makita ang mga kaibigan. Nang nagdaang araw ay humabol siya sa last flight papuntang Leyte. Heto siya ngayon, nagbabalik sa paaralang naging saksi ng kanyang mga luha at tawa.

After changing her flat sandals with high-heeled shoes, she turned the engine off, got out of her aunt's car, and locked it. Pinili niyang iwan ang kanyang sasakyan sa Maynila nang magbiyahe siya. Ang kanyang Tiya Corazon ang nagmamay-ari ng kotseng hiniram niya. Ito na lang ang natitirang kamag-anak

niya; namatay ang kanyang mga magulang sa isang aksidente tatlong taon na ang nakakalipas.

Dapat ay kasama niya ang kanyang nobyo nang gabing iyon. Tatlong taon na silang may relasyon ni Burt. Subalit nagkatanggap ito ng emergency call kaya hindi na ito nakasama. He promised to follow her after he settled things in Manila. Kaya siya lang ngayon ang nagpunta sa reunion nila.

She wore a black haltered evening gown that revealed her perfect curves. Her makeup enhanced her simple beauty. Nagsusuot siya ng salamin dahil malabo ang kanyang mga mata. But tonight she wore  contact lenses. Pangit naman kung nakabihis siya at magsusuot siya ng eyeglasses. Sino mang makakakita sa kanya ay hindi na siya makikilala.

She changed a lot, and she changed for the better. Twelve years ago, siya ay binansagang 'nerd' ng batch nila. With the braces on her teeth and big eyeglasses she had before, talagang 'nerd' ang nababagay na tawag sa kanya.

With pure confidence and sophistication, she started walking. Habang pinagmamasdan ang kanyang mga nadadaanan ay napansin niyang malaki na ang pinagbago ng paaralan. Ngayon ay mayroon na itong dormitory at gymnasium.

Kailangan niyang maglakad dahil walang daanan ang sasakyan papunta sa gymnasium kung saan ginaganap ang reunion. Isang covered walk kasi ang nagkokonekta sa ACA2 building at gym.

Habang binabagtas ang daan patungo sa gymnasium ay unti-unting bumabalik sa kanyang gunita ang mga alaala ng kahapon…

*"Excuse me," anang baritonong tinig. Lumingon si Danielle at nang mapagsino ang may-ari ng boses na narinig niya ay natatarantang tumayo siya at nakayukong pinadaan si Lawrence at ang apat pa nitong kabarkada.*

*Lawrence Rodriguez was considered a campus heartthrob. Maraming babae ang nali-link dito, pulos mga naggagandahan. Halos araw-araw ay pinag-uusapan ito. Hindi tulad niya na parang hindi nag-e-exist. Sa loob ng tatlong taon na pag-aaral niya sa nasabing paaralan ay naging tahimik ang buhay niya.*

*Ngunit noong nakaraang linggo ay naging usap-usapan siya sa campus. Why? Kumalat lang naman ang balitang patay na patay siya sa ultimate crush ng paaralan. Aaminin niyang totoo ang balita, pero sekreto lamang ang pagkakagusto niya rito. Kung noon ay parang hindi siya nag-e-exist sa campus, ngayon ay pinupuna na siya ng mga kaeskuwela.*

*Mabuti sana kung magagandang bagay ang sinasabi tungkol sa kanya, kaso ay pulos pangungutya ang nariring niya. Mabuti na lang at palaging nasa tabi niya si Julia. Mula noon ay iniiwasan niyang makasalubong o makasabay man lang ang tropa ni Lawrence, pero imposible yatang mangyari iyon dahil nasa iisang klase lang sila.*

*Tahimik na ang third floor at sa tingin niya ay nagsiuwian na ang kanyang mga kaklase. Hindi pa siya umuuwi dahil hinihintay niya si Julia mula sa meeting nito. Kasalukuyan kasing may meeting ang mga presidente ng bawat klase sa isang silid sa nasabing palapag at ang best friend niya ang class president nila. Nangawit siya sa katatayo sa labas ng silid ng pagpupulong kaya minabuti niyang maupo sa ikalawang baitang ng hagdanan. Hindi naman niya inaasahan na mapapadaan ang grupo ni Lawrence dahil ang akala niya ay nagsiuwian na ang mga ito. Tumigil ang mga ito sa pagbaba at nangungutyang pinasadahan siya ng tingin.*

*"Lawrence, binigla mo kasi si Danielle. Iyan tuloy hindi na makatingin sa 'yo," narinig niyang biro ng isang kasama nito.*

*"Akala ko ba patay na patay iyan sa 'yo? Eh, parang takot nga sa 'yo," dagdag pa ng isa.*

*"Tabi nga diyan." Tinabig ni Lawrence ang isang kasama nito at lumapit sa kanya.*

*Nakatutok pa rin ang mga mata ni Danielle sa sahig. Yumuko ito at hinawakan ang baba niya at itinaas para makita ang kanyang mukha. "Look at me," narinig niyang utos ng lalaki.*

*Para siyang nahihipnotismong napasunod nito. Inaasahan niyang pandidiri ang makikita sa mga mata nito, pero walang mababakas na emosyon sa guwapong mukha nito. Iyon ang unang pagkakataon na nakita niya nang malapitan ang mukha nito. Kung titingnan, hindi talaga kataka-taka na marami ang nahuhumaling na mga babae rito. At kasama na siya roon. With those thick eyebrows, dark and wavy eyelashes, and brown eyes, no doubt that many girls would swoon around him.*

*Tinanggal nito ang salamin niya at parang specimen na kinilatis ang kanyang mukha. Hindi niya inaasahan ang susunod na gagawin nito. Dahan-dahan nitong inilalapit ang mukha sa kanya. Kinakabahang naipikit na lang niya ang mga mata.*

*"Lawrence, mahuhuli na tayo sa party ni Brenda," anang isang kabarkada nito. Ang binanggit nitong babae ay ang napapabalitang bagong nililigawan ng lalaking crush niya. Senior na rin ito na tulad nila*

*ngunit nasa ibang section ito.*

*Isang buntong-hininga ang pinakawalan ni Lawrence. Nang imulat ni Danielle ang kanyang mga mata ay nakita niyang gumuhit ang isang simpatikong ngiti sa maninipis nitong labi. Isinuot nitong muli ang eyeglasses niya at nagpatiunang bumaba.*

*"I like you," hindi niya napigilang maisatinig. Tila walang narinig na ipinagpatuloy nito ang pagbaba. Nakita niyang napapailing na sumunod dito ang mga kabarkada nito.*

*Iyon ang una at huli niyang encounter sa campus heartthrob. Pagkatapos kumalat ang balita na girlfriend na nito si Brenda ay nakalimutan na rin ng lahat ang tungkol sa kanya. Ang pagkakaalam niya ay nagpatuloy ang relasyon ng mga ito hanggang sa matapos ang graduation nila.*

"Dane, is that you?" pukaw ng isang tinig sa pagbabalik-tanaw ni Danielle.

Napalingon siya sa tumawag sa pangalan niya. Magkasunod lamang silang dumating.

"Julia!"

Labindalawang taon silang hindi nagkita, pero hindi nawasak ng mahabang panahon na

pagkakalayo ang kanilang pagkakaibigan. Instead, the years of separation made their friendship stronger. Palagi silang nagtatawagan kung may oras sila. Kahit na wala sa tabi niya ang kaibigan nang mamatay ang kanyang mga magulang, lagi naman siya nitong tinatawagan upang masiguro kung nasa maayos siyang kalagayan.

"You have changed a lot. You look wonderful." Umikot si Danielle para ipakita rito ang pagbabago sa kanya.

"Now you gave me a dozen reasons to believe the write-up in the magazine, that you are one of the sexiest, eligible lady doctors in the country today." Naalala niya ang sinasabi nitong write-up. Napasama siya roon dahil tungkol sa mga doctors ang issue ng magazine na iyon. Sa kasalukuyan ay resident doctor siya sa *Makati Medical Center*.

"Julia, don't compliment me much," natatawang saway niya.

Sabay silang naglakad papunta sa gymnasium. Parang kailan lang ay mga teenagers sila na naglalakad doon at naghahagikgikan habang pinag-uusapan ang kani-kanyang crushes. Now, they were already grown-ups who were very busy with their chosen careers. Ang ibang mga kaklase nila ay may

mga pamilya na.

Isang malalim na buntong-hininga ang kanyang pinakawalan bago pumasok sa loob ng gym. Magkaagapay sila ni Julia sa paglalakad. Marami na ang nagsidatingan.

"Doon na lang tayo." Itinuro niya ang isang mesang pang-apat na nasa sulok. Tinungo nila iyon.

Ilang minuto pa ay dumating ang dalawa pa nilang dating mga kaklase, sina Eliza at Sharmaine.

"So kumusta na ang 'sexy and eligible lady doctor'?" Ginamit ni Eliza ang bansag sa kanya ng isang fashion magazine.

"Hindi na po ako eligible."

"What?" sabay-sabay na bulalas ng tatlong babae.

"I'm engaged." Ipinakita ni Danielle sa mga ito ang engagement ring na suot. "I'm sure Burt would sue that magazine," natatawang biro niya. Akalain ba naman niya na maniniwala ang mga ito sa mga write-ups tungkol sa kanya. Ipinaliwanag niya sa mga kausap na mali ang nakasulat sa nasabing magazine. Nabigla pa nga ang mga ito nang malaman na ikakasal na siya sa susunod na buwan.

"Juls, ikaw ang maid of honor ko."

"Okay, pero dapat makilala ko nang personal ang husband-to-be mo. Ang daya mo, hindi mo man lang pinaalam sa 'kin na nag-propose na sa iyo si Burt."

"Juls, kumusta na kayo ni Andrew?" baling ni Eliza kay Julia.

"Next week na ang engagement namin." Mababakas ang kaligayahan sa mukha nito.

She was very happy for Julia. Nalaman niyang sina Eliza at Sharmaine ay magkasosyo sa negosyo at parehong single pa rin. Napuno ng tawanan at hagikgikan ang table nila.

"PARE, BAKA matunaw si Danielle niyan," kantyaw ni Mark. Isa ito sa mga kabarkada ni Lawrence. Katulad niya ay isa rin itong engineer ngunit nagtatrabaho ito sa kalaban ng kompanyang pinagtatrabahuan niya.

Kung gugustuhin niya ay puwede na siyang hindi magtrabaho bilang empleyado sa ibang kompanya. Matagal na siyang kinukumbinsi ng papa niya na pumasok sa kompanyang pag-aari nito pero may

nais siyang patunayan. Gusto niyang ipakita sa kanyang pamilya na kaya niyang magtagumpay sa propesyong napili niya at hindi naman siya nabigo dahil sa ngayon ay siya na ang vice-president for operations ng engineering firm na pinagtatrabahuan niya.

Hindi niya pinansin ang tinuran ni Mark. Nakatuon pa rin ang atensyon niya sa bagong dating na si Danielle. The write-ups didn't do her justice. She changed a lot, kung panlabas na anyo ang pagbabasehan. Hanggang sa magsimula ang kasayahan ay nakatuon pa rin ang pansin niya sa dalaga. Nakita niyang lumabas ito.

"Pare, magpapahangin lang ako sa labas," pagpapaalam ni Lawrence sa mga kaibigan. Hindi na niya binigyan ng pagkakataon na usisain pa siya ng mga ito.

"JULS, lalabas muna ako," paalam niya kay Julia. Ito na lang ang kasama niya sa mesa nila dahil sina Eliza at Sharmaine ay nasa dance floor at nagsasayaw.

"Sasama na lang ako."

"Huwag na, tatawagan ko lang si Burt para

sabihing nandito ako. Babalik din ako kaagad." Tumayo si Danielle at naglakad palabas ng gym. Tinawagan niya ang nobyo.

"Babes, what time matatapos ang reunion ninyo?" pambungad sa kanya ng nobyo.

"Hindi pa ako sure. Katatapos pa lang ng program. Why did you ask?"

"Papunta ako diyan ngayon."

"Really?" di-makapaniwalang tanong niya. Burt promised her that he would try to follow her kapag naayos na nito ang problema sa negosyong pagmamay-ari ng pamilya nito.

Katulad niya ay galing din ang pamilya nito sa Leyte. Nalipat lang ang mga ito sa Maynila nang doon na madestino ang ama nitong sundalo. Permanenteng nanirahan na ang pamilya nito sa Maynila nang maging successful ang business venture ng ama nito matapos magretiro mula sa military. Ngunit kahit lumipat na ang mga ito sa Maynila ay hindi nito ibinenta ang bahay ng pamilya nito sa isang subdivision sa Tacloban.

"Yes, babes."

"Nagda-drive ka ngayon?" nag-aalalang tanong

niya.

"Yeah. I borrowed Grandpa's car." Ang tinutukoy nito ay ang lolo nito sa ina sapagkat ang grandparents nito sa ama ay sumakabilang-buhay na.

"You concentrate on your driving. I'll wait for you at the gate. I love you, 'bye."

"'Bye, babes," natatawang paalam nito.

Napangiti na lang siya sa isiping nag-abala pa itong sumunod sa kanya.

Nagdalawang-isip muna siya kung babalik pa sa loob para magpaalam sa mga kaibigan. Sa huli ay napagpasyahan niyang umalis na lang. Alam niyang pagod ang nobyo kaya yayayain na lang niya itong umuwi pagdating nito. Sasabihan na lang niya itong doon na matulog sa bahay ng Tiya Corazon niya kung saan siya tumutuloy.

Tatawagan na lang niya si Julia para ipaalam dito na nakauwi na siya. Nang binabalik na niya sa bag ang cellphone ay nalaglag ang kanyang panyo. Akmang pupulutin niya iyon, ngunit naunahan siya ng isang lalaking tila kalalabas lang din galing sa gym.

"Salamat," ani Danielle na hindi man lang nag-

abalang tingnan ang pumulot ng kanyang panyo. Abala kasi siya sa pagkakalkal ng laman ng kanyang shoulder bag dahil hinahanap niya ang susi ng sasakyan ng tiyahin.

# 2

"You're welcome, Danielle," anang baritonong tinig. Pamilyar iyon sa dalaga ngunit hindi na niya ito napag-ukulan ng pansin. She was in a hurry. "Nagmamadali ka 'ata," komento nito.

Natuon ang atensyon niya rito. Her heart skipped a beat. The man who made her high school life happy and miserable at the same time was in front of her. Ang akala niya ay hindi na talaga ito mawawaglit sa kanyang isipan. Mabuti na lang at nabaling ang atensyon niya sa pag-aaral at dumating sa kanyang buhay si Burt kaya kahit papaano ay nakalimutan niya ang obsession niya kay Lawrence.

Obsession ba ang naramdaman niya para rito noon?

Ipinilig ni Danielle ang kanyang ulo para pigilin ang kahibangang tumatakbo sa utak niya.

Sa wakas ay nakita niya ang susi. Kinalma niya ang sarili at nakangiting bumaling sa lalaki.

"Salamat. Pasensya kung hindi kita napagtuunan ng pansin. Nagmamadali lang talaga ako. 'Bye." Tinalikuran na niya ito at naglakad para pumunta

sa kinapaparadahan ng sasakyan. Ngunit hindi pa man siya nakakalayo ay tinawag na siya nito.

She stopped in her tracks but she didn't dare face him. Inilang hakbang nito ang kinatatayuan niya.

"Ihahatid na kita sa kotse mo," pagboboluntaryo ng binata.

"Bahala ka," maikli niyang sagot. Tila nalulon na niya ang kanyang dila. She didn't know why his presence made her uneasy.

KATAHIMIKAN ang naghari habang binabagtas nila ang pathway palayo sa gym. God! What happened to him? Hindi naman siya ganito sa ibang babae. Hindi na natiis ni Lawrence ang katahimikang namamagitan sa kanila.

"So, kumusta ka na?" Kusa iyong lumabas sa bibig niya. Iyon lang ba ang gusto niyang sabihin dito? Pakiramdam niya ay pinagpapawisan siya kahit hindi naman mainit.

"Okay lang."

Sinipat ni Danielle ang cellphone nito, tila may hinihintay na tawag o di kaya ay mensahe.

'Okay lang' ang sagot nito, a very common answer. *Ano pa ba ang aasahan mong isasagot niya?* Habang palihim niyang pinagmamasdan si Danielle ay hindi niya maiwasang mapahanga talaga sa kagandahang taglay nito. He never expected that she would change that much. Wala na ang braces at malaking salamin nito.

Bigla itong tumigil sa paglalakad nang marating nila ang entrada ng ACA2 building kaya nabangga niya ito. Muntikan na itong matumba kung hindi niya naalalayan sa baywang.

It felt so good being near her. Naaalala pa niya ang nangyari twelve years ago noong hapon na papunta sila ng mga kabarkada niya sa party ni Brenda. May kung anong damdaming bumangon sa kanya habang pinagmamasdan niya ang mga mata nito noon.

That moment he realized that this girl was very special. Muntikan na niya itong mahalikan kung hindi lang siya tinawag ng mga kaibigan niya. He pretended not to hear her when she confessed that she liked him dahil natatakot siya sa sasabihin ng mga kabarkada niya kung sakaling pinatulan niya ito.

"I'm sorry," sinsero niyang paumanhin. Hindi

pa rin niya ito binibitawan. He saw the ring on her finger. Engagement ring? Kanino ito ikakasal? Sa nabasa niyang write-up tungkol dito ay single pa ang dalaga.

Pilit niyang hinuli ang mga mata nito. He wanted to see her eyes; alam niyang doon niya malalaman ang kasagutan sa lahat ng mga tanong na gumugulo sa kanyang isipan.

Narinig niya ang pagtikhim ni Danielle. Patay-malisya nitong tinanggal ang kamay niyang nakahawak sa baywang nito.

"It's okay. Uhm… doon lang muna ako sa guardhouse. May hinihintay kasi ako." Tumalikod na ito sa kanya.

Lawrence wanted to stay beside her. He was willing to bargain with the devil if he would be given a chance to have her in his arms again. Hindi niya maibaling sa ibang direksyon ang kanyang mga mata. Hanggang sa paliit nang paliit ang pigura nito ay hindi pa rin siya umaalis sa kanyang kinatatayuan.

Naagaw ang atensyon niya ng bagong kapapasok na kotse sa school premises. Umahon ang kanyang curiosity nang makitang lumapit ang babae roon.

Parang tinarakan ng punyal ang kanyang

dibdib nang makitang sinalubong nito ng yakap ang kabababa lang na lalaki. Ito ba ang fiancé nito?

*Wala ka na d'un. Ikakasal na si Danielle kaya wala ka nang pag-asa na makapasok sa buhay niya*, kastigo ni Lawrence sa sarili.

TUNOG NG TELEPONO ang gumising sa kanya. Hindi na sana iyon sasagutin ni Danielle dahil inaantok pa siya galing sa duty niya. Kailangan niyang sulitin ang pahinga niya dahil mamaya ay magsisimba sila ni Burt para salubungin ang Pasko. Gaya nang nakaraang taon ay nakompleto nila ang simbang gabi.

In less than a month ay magiging kabiyak na niya ito. At last ay magkakaroon na siya ng sarili niyang pamilya. Ang pangungulila niya sa mga magulang ay napunan ni Burt. Lahat ng gustuhin niya ay ibinibigay nito. Kung kailangan niya ito ay kaagad itong dumadating. Katulad na lang noong reunion nila. Gumawa talaga ito ng paraan para makasunod ito sa kanya.

Dalawang araw pa lang siyang nakakabalik sa trabaho dahil umuwi siya para um-attend sa kauna-unahang reunion nila. Gusto sana ni Tiya Corazon

na mag-stay sila hanggang Pasko, pero idinahilan niyang may trabahong naiwan ang nobyo. Wala na rin itong nagawa para pigilin sila.

Natigil ang pagtunog ng telepono. Babalik na sana siya sa pagtulog ngunit nag-ring ulit iyon. Naisip niyang baka importante ang sadya ng tumatawag kaya napilitan siyang bumangon at sagutin ang aparato.

"Hello."

"Hija..." Hikbi na ang sunod niyang narinig mula sa kabilang linya.

"Mama, bakit po?" kinakabahang tanong niya. Nakilala niya ang boses ni Salve, ang ina ni Burt.

Narinig niyang ipinasa nito sa iba ang telepono. "Danielle, ang Papa Rodrigo mo 'to," tensed na sabi nito. Simula nang ma-engage sila ni Burt ay 'Mama' at 'Papa' na ang tawag niya sa mga magulang nito. "Nandito kami ngayon sa *St. Luke's*. Naaksidente si Burt."

Nanghihinang napaupo si Danielle sa kama. Marami pa itong sinabi pero hindi na niya maintindihan dahil takot ang tanging naramdaman niya nang mga sandaling iyon. Takot na mawala ang isang taong mahalaga sa kanya.

Hindi niya alam kung paano siya nakarating sa ospital; namalayan na lang niya na nasa harap na siya ng emergency room. Nababalot ng tensyon ang paligid. Katabi niya ang mama ni Burt na patuloy pa rin ang pag-iyak. Ang asawa nitong si Rodrigo ay walang mababakas na expression sa mukha. Samantalang siya naman ay tahimik na nagdarasal. Dumaan ang isang oras bago lumabas ang doktor.

Bagsak ang mga balikat na ibinalita nitong nabigo itong isalba ang buhay ng pasyente. Gustong umiyak ni Danielle pero walang tumulong luha. Nang inilabas ang katawan ni Burt sa ER ay lumapit siya rito. Parang baliw na kinausap niya iyon.

"Burt, you promised that we will celebrate Christmas together. Burt, please wake up. Please, babe, don't break your promise. Magsisimba tayo mamaya. "

Niyugyog niya ang mga balikat nito pero walang sagot mula sa lalaki. Ikinulong niya ang duguang mukha nito sa kanyang mga kamay. "We'll have a very happy family. We'll be good parents of three kids. Burt, wake up…"

"Tama na iyan, Danielle. He's… gone," pigil sa kanya ni Rodrigo. Batid niyang nahihirapan din ito pero pilit itong nagpapakatatag para sa asawa nito.

Nanghihinang pinakawalan niya ang kasintahan.

Inasikaso ng ama nito ang labi ng kanyang nobyo. She admired Burt's father for possessing such strength. Kahit minsan ay hindi niya ito nakitaang umiyak, pero hindi maitatago sa mga mata nito ang lungkot sa nangyari.

Sumuko ang driver ng truck na nakabangga sa kotse ni Burt. Inamin nito na ito ang may kasalanan. Nawalan daw ng preno ang truck na minamaneho nito.

Nang malaman ni Julia ang nangyari ay agad-agad na nagbiyahe ito mula sa Leyte, pagkatapos ng engagement nito, para samahan siya. Sa loob ng siyam na araw na nakaburol si Burt ay hindi umiyak si Danielle. Sa mga panahong iyon ay hindi pa rin niya matanggap ang mga pangyayari. She was in denial stage. She thanked Julia for staying with her the whole time she needed a friend. Her Tiya Corazon was also there to support her.

Hindi siya sumama sa libing ng kasintahan. Nagkulong siya sa kanyang silid. Umaasa siyang magigising din siya sa masamang panaginip na iyon. Hindi niya namalayan na nakatulog siyang hawak ang litrato ni Burt.

Paggising ni Danielle ay wala na ang hawak na frame sa kanyang kamay. Napadako ang tingin niya sa sahig; basag na ang kuwadro. Sa tingin niya ay nabitawan niya iyon nang nakatulog siya. Dali-dali niyang pinulot ang nawasak na frame upang ayusin.

Dahil sa pagkataranta ay nasugatan siya ng nabasag na salamin. Nakita niya nang tumulo ang dugo mula sa sugat niya sa litrato ng kasintahan. Naramdaman na lang niyang dumadaloy na ang masaganang luha mula sa kanyang mga mata. Truth struck her, kahit ano ang gawin niya ay hindi na niya maiaayos ang nabasag na frame. Ganoon din ang buhay ng nobyo. Hindi na niya iyon maibabalik pa. Wala na ito.

ISANG LINGGO NA mula nang ilibing si Burt, pero hindi pa rin bumabalik sa normal ang buhay ni Danielle. Nang nagdaang araw ay umuwi na ng Leyte si Julia. Si Tiya Corazon na lang ang kanyang kasama.

Kasalukuyang pinagmamasdan niya ang mga nagtataasang gusali na natatanaw mula sa bintana ng condo unit niya.

"Kumatok ako pero walang sumasagot." Hindi

niya namalayang nakapasok na ang tiyahin sa kanyang silid. Naramdaman niya ang kamay nito sa kanyang balikat. "Sa tingin ko ay makabubuti sa 'yo kung magbabakasyon ka muna. Nag-aalala na ako sa 'yo. Konti lang ang kinakain mo. Di ka pa namin makausap."

"I'm sorry kung pinag-alala ko po kayo," aniya na humarap dito. "I think you're right, Tiya; I need a vacation."

Naluluhang niyakap siya nito.

The next day ay kasama niyang umuwi ng Leyte si Tiya Corazon. Nag-file siya ng indefinite leave sa ospital na pinapasukan. Hindi pa kasi niya sigurado kung kailan siya makakabalik.

Hindi na niya namalayan ang paglipas ng mga araw. Magdadalawang buwan na rin mula nang mamatay ang nobyo. Dalawang buwan na rin siyang hindi pumapasok sa trabaho.

Isa siya sa pinakabata at pinakamagagaling na cardiologist sa bansa. Pero sa kabila ng tagumpay niya sa propesyon ay hindi niya nagawang maisalba ang buhay ng mga taong mahahalaga sa kanya. Noong isang araw lang ay nakatanggap siya ng tawag mula sa kasama niya sa ospital.

Napagpasyahan niyang balikan na ang iniwan niyang trabaho sa Manila. Napag-isip-isip niyang wala ring mangyayari kung hihintayin niya ang araw na lubusang makalimutan ang sinapit ng nobyo.

Nang ipaalam niya kay Tiya Corazon ang balak ay tumutol ito. Pero sa huli ay wala na rin itong nagawa kundi pabayaan na lang siya sa kanyang desisyon.

Nang malaman ni Julia ang pag-alis niya ay nagtampo ito. Hindi man lang daw niya ipinaalam ang pag-alis niya. Hindi na nga niya nagawang dumalo sa kasal nito.

# 3

*Ten months later…*

“Paging Dr. Larroza. You are needed in the ER right now,” narinig niyang tawag sa kanya sa public address system.

Limang taon na ring nagtatrabaho sa *Makati Medical Center* si Danielle. Doon na siya nag-specialize bilang cardiologist pagkatapos niyangmakapasa sa board exam. May klinika siya sa unang palapag ng nasabing ospital.

Dali-dali siyang nagpaalam sa kanyang tiya. Tumawag siya rito para ipaalam na hindi siya makakahabol sa huling flight ngayong hapon para samahan ito bukas, araw ng Pasko, dahil may mga naka-schedule siya na operasyon sa araw na iyon. Nagdrama pa nga ito para lang makumbinsi siya na umuwi, pero ni-page na siya kaya hindi na nito nagawang mapilit siya.

Isang taon na ang nakakaraan mula nang mamatay si Burt. First death anniversary ng yumaong nobyo niya ngayon, pero hindi siya pumunta sa bahay ng mga magulang nito. Ayaw niyang magpakita sa

mag-asawa hangga't hindi pa lubusang naghihilom ang sugat na dulot ng pagkawala ng anak ng mga ito.

*Kung hindi lang sana nangyari ang aksidenteng 'yon…* naisaloob niya.

*Tapos na iyon*, kastigo niya sa sarili. Isang taon nang patay si Burt. Isang taon na rin siyang namumuhay na parang robot. She had been doing the same routine everyday. And at the end of each day ay wala siyang makapang fulfillment.

"Doktora, kailangan na po kayo sa ER," pag-iimporma ng isang nurse na nakasalubong niya sa hallway ng hospital.

Tumagal ng tatlong oras ang operasyon. Inatake sa puso ang pasyente. An operation was needed to remove the clot inside the vein that brings blood to the heart. Kung hindi naisagawa iyon ay malamang binawian na ito ng buhay.

Matapos masigurong maayos na ang lagay ng pasyente ay nag-out na siya. Bumili siya ng mga bulaklak at nagpasya siyang dumaan sa puntod ng nobyo. Pagkatapos mag-alay ng bulaklak at panalangin ay umuwi na siya.

Kadiliman ang sumalubong sa kanya nang

buksan ang pinto ng unit niya. Mag-isa lang siyang naninirahan sa condo unit niya dahil hindi siya sanay na may kasambahay.

Binuksan ni Danielle ang ilaw at nahahapong umupo sa sofa. She had saved another life today. Maraming buhay na ang kanyang naisalba pero hindi niya nagawang isalba ang buhay ng taong mahal niya.

Kinuha niya ang cellphone at tinawagan si Julia. Pagkatapos ng ikatlong ring ay may sumagot sa kabilang linya.

"Juls, si Danielle 'to. Sorry kung hindi ako nakapunta sa binyag ng inaanak ko kahapon. May ilang scheduled operations ako." Ginawa siya nitong ninang ng una nitong anak, a two-month-old bouncing baby boy.

"Okay sana kung trabaho talaga ang dahilan,"

Hindi siya nakasagot sa akusasyon nito.

"Dane, sana ay nakalimutan mo na ang nangyari. Hindi na mai—"

"Alam kong hindi ko na maibabalik ang buhay niya. Kumusta naman ang binyag?" pag-iiba niya sa usapan.

“Okay naman. Pumunta sina Mama. Hindi ko nga lang makakasama mamayang noche buena si Andrew dahil umalis siya kaninang umaga. Tinawagan na siya ng opisina nila.” Ang napangasawa nito ay isang seaman na nagtatrabaho sa isang luxury ship. “Kailan ka nga pala magbabakasyon dito sa ‘min?”

Matagal na siya nitong kinukumbinsi na magbakasyon sa lugar nito. Simula nang mag-asawa ito ay sa Cebu na ito nanirahan dahil doon nakatira ang mga magulang ng napangasawa nito. Isa na lamang itong housewife dahil pinatigil na ito ni Andrew sa pagtatrabaho.

“Pag may time ako, iyon ang una kong gagawin. Sige, Juls, magpapahinga muna ako. Kagagaling ko lang kasi sa duty. Take care.”

“Sige, magpahinga ka na.”

Pinatay ni Danielle ang aparato. Sa halip na magpahinga ay pinili niyang tingnan ang naggagandahang Christmas lights sa labas. Kung nagagawa lang sana nitong pawiin ang kalungkutan na naghahari sa kanyang puso.

Pasko na bukas. Ikalawang Pasko na niya iyon na nag-iisa. Malungkot pero wala nang mas lulungkot pa sa Pasko niya nang nakaraang taon.

Naramdaman na lang niya ang mainit na likidong dumaloy sa kanyang mga pisngi. Hindi niya namalayang umiiyak na pala siya…

“GOOD MORNING, DOC,” bati ng nurse na nakasalubong ni Danielle. Tila nagulat ito nang masilayan ang mukha niya.

Alam niyang lumaki ang kanyang eyebags dahil sa kaiiyak, pero pinili pa rin niyang pumasok dahil kailangan niyang i-check ang pasyenteng inoperahan niya noong nakaraang araw. Mayroon din siyang ibang mga pasyenteng nag-schedule for checkup para sa araw na iyon.

Dumaan muna siya sa kanyang clinic para sabihan ang medical secretary niya na half-day lang siya. Tumirik pa ang sasakyan niya kanina. Kailangan niyang daanan iyon sa talyer mamaya.

Nakita niyang natuwa ito. Malamang ay may lakad ito kasama ang pamilya dahil araw ng Pasko.

Sumakay siya ng elevator papuntang ikatlong palapag. Eksaktong paglabas niya mula roon ay nabangga siya sa isang lalaki na pasakay sa elevator. Narinig niyang humingi ito ng paumanhin, pero hindi na niya iyon nasagot dahil may nagdaanan na

palabas ng elevator.

Naiiling na tinahak ni Danielle ang corridor patungo sa silid ng kanyang pasyente. Sinuri niya ang matandang lalaki.

"Nagre-respond naman ang katawan niya sa mga gamot. Mayamaya lang ay magigising na siya. Kailangan muna niyang manatili dito nang isang linggo para mas matutukan siya at para mapadali ang paggaling niya. Dapat ay iwasan niyang magpagod.
"

Naging maganda naman ang takbo ng operasyon na isinagawa ni Danielle sa pasyente niyang matandang lalaki noong nakalipas na araw. Kung hindi siguro naisagawa iyon ay malamang na patay na ito. Nagbilin siya ng ilang instructions sa nurse na nandoon at nagpaalam na sa anak ng pasyente.

"Thank you, Doctor, for taking care of my father," anang babae na sa hula niya ay nasa teens nito. Simula noong nakaraang araw ay ito lang ang nakita niyang kamag-anak ng matanda.

"It's my job," nakangiti niyang tugon dito. Sa tingin niya ay makakasundo niya ito.

Inihatid siya nito hanggang sa pinto ng hospital suite.

"Merry Christmas," anito at isinara na ang pinto.

Pasko? Isang mapait na ngiti ang gumuhit sa kanyang labi.

HIS COUSIN TOLD HIM that a certain Dr. Larroza saved his Uncle Bien's life. Hearing the family name stunned Lawrence.

*Is it possible that Danielle is the attending physician of my uncle?* curious na naisip niya.

Malamang ay kaapelyido lang nito ang dati niyang kaklase na nerd. Sa dami ba naman ng doktor sa bansa na may taglay na ganoong apelyido. At isa pa, baka naikasal na ito kaya maaaring iba na ang apelyido na gamit nito. Deep inside his heart ay inaasam niyang si Danielle nga iyon.

Kung hindi lang sana siya kailangan sa opisina ay hindi siya aalis sa kuwarto ng uncle niya. Hihintayin niya ang pagdating ng doktor nito. Ngunit nakatanggap siya ng tawag mula sa kanyang sekretarya kaya nagmamadaling nilisan niya ang ospital. May nabangga pa nga siya nang pasakay na siya ng elevator.

Kahit na Pasko ay patuloy pa rin ang production

nila dahil may orders sila para sa susunod na linggo.

"Good morning, Sir," bati sa kanya ng sekretarya niya.

Isang tango ang tinugon niya rito. Kaagad itong sumunod sa kanya sa opisina niya. May dala itong folders.

"Sir, sorry po kung naistorbo ko po kayo. Hindi ko po sana kayo tatawagan kaso lang tumawag kanina si Atty. Alcantara." Ang nabanggit nito ay ang company lawyer nila. "Kailangan niya po ang mga papeles mamayang hapon." Ang mga papeles na iyon ay gagamitin nila para sa kanilang shipment next week.

"It's okay. Sige, iwan mo muna ako."

Limang buwan pa lang niyang pinamamahalaan ang negosyong itinayo at pinalago ng papa niya, ang *A&R Distillery*. Ang alak na napo-produce ng distillery ay kilala sa local at international market.

Nang magkasakit ang papa niya ay napilitan siyang mag-resign sa engineering firm na pinagtrabahuhan niya para palitan na ito sa pagpapatakbo ng distillery. Nakaalalay sa kanya ang nakababatang kapatid ng kanyang ina, si Uncle Bien. Matapos itong atakehin sa puso noong nagdaang araw ay napag-isip-isip

niyang papagpahingahin na ito sa trabaho. Tutal ay naka-adjust na siya sa pagpapatakbo ng distillery.

Sa kasalukuyan ay nasa LA ang kanyang mga magulang. Napagpasyahan ng mga ito na roon mag-Pasko kasama ang Ate Debbie niya. Kung hindi lang sila naghahabol sa shipment nila next week ay balak sana niyang sumunod sa mga ito.

Blessing in disguise siguro na hindi siya nakasunod sa mag-asawa dahil kung nagkataon ay walang makakatulong ang pinsan niya sa pag-aasikaso kay Uncle Bien.

Pagkatapos mabasa ang mga papeles ay pinirmahan na niya ang mga iyon. Tinawag niya sa intercom ang kanyang sekretarya. Nagbilin siya ng instructions dito at nagpasyang bumalik na sa ospital.

*Whew! What a Christmas…*

Naiiling na nilisan ni Lawrence ang opisina. Dumaan muna siya sa isang restaurant para bumili ng pagkain. Siguradong hindi pa nanananghalian ang pinsan niya.

HALOS MAGTATANGHALIAN NA nang matapos

suriin ni Danielle ang huling pasyente niya. Pinauna na niyang umalis ang sekretarya. Titingnan lang niya kung nagkamalay na ang pasyenteng inoperahan niya nang nakaraang araw bago umalis ng ospital.

Pagkatapos ng dalawang katok ay bumukas ang pinto. Gaya ng inaasahan, ang babaeng nagbabantay sa matandang lalaki noong nagdaang araw ang naabutan niya sa silid. Nakita niyang mahimbing na natutulog ang pasyente.

"Kanina ay nagising na siya pero nakatulog ulit," pag-iimporma sa kanya ng babae. Lumapit ito sa higaan ng nahihimbing na ama. "Natakot ako kahapon. Natakot akong mawala siya. Namatay ang mama ko sa panganganak sa 'kin. Si Papa na ang nagpalaki at nag-alaga sa 'kin."

Hindi niya makita ang emosyon sa mukha nito dahil nakatalikod ito sa kanya. Naramdaman na niya noon ang nararamdaman nito. Ang pagkakaiba lang ay may pagkakataon pa itong makasama ang ama nito, samantalang ang mga taong mahalaga sa kanya ay wala na.

"Kaya dapat na alagaan mo siya,"

"Opo, gagawin ko po iyon. Ako nga po pala si Kate." Inilahad nito ang isa nitong kamay.

"Danielle. You can call me 'Ate Danielle.'" Nakangiti niyang tinanggap ang kamay nito.

"You look pretty when you smile. You should smile more often."

Nailang siya sa naging komento nito. "Simula kahapon ay ikaw lang ang nakita kong kamag-anak ng pasyente. Sigurado akong pagod ka na," pag-iiba niya sa usapan.

"Kasama ko kagabi ang pinsan ko. Pero kinailangan niyang umalis kanina dahil tumawag ang sekretarya niya. Pabalik na iyon dito."

Sinipat niya ang kanyang wristwatch. "Sige, I have to go. Kailangan ko pang daanan sa talyer ang kotse ko. Kung magkaproblema ay tawagan mo lang ako." Iniabot niya rito ang tarheta niya.

"Okay."

Nagsimila na siyang lumakad upang lumabas ng silid. Hahawakan na sana niya ang doorknob nang biglang bumukas ang pinto.

# 4

"Danielle!"

He was surprised to see that Danielle was the attending physician of his uncle. Nakapagtatakang Larroza pa rin ang gamit nitong apelyido. Mahigit isang taon na ang lumipas mula nang huli niya itong makita sa reunion nila.

His eyes immediately focused on her ring finger. Wala na itong singsing doon. Posible kayang hindi natuloy ang kasal nito?

"Kuya Lawrence, mabuti at dumating ka na." Lumapit si Kate sa kanila. Tila nahalata nito ang namumuong tensyon. "Kuya, siya si Dr. Danielle Larroza, ang attending physician ni Papa. Doc, siya naman ang playboy kong pinsan, si Kuya—"

"Lawrence," putol ng dalagang manggagamot. "There's no need to introduce us. Magkaklase kami noong high school," walang kaemo-emosyong sabi nito.

"Hindi lang isang ordinaryong kaklase ang—" anang binata.

"Sige, I really have to go. Mauna na ako." Hindi siya nito pinatapos sa sasabihin niya. Dahil nakaharang siya sa pinto ay hindi ito makadaan.

"Doc, sumabay ka na lang kay Kuya. Pauwi na rin siya. Dumaan lang para ihatid ang tanghalian ko." Nagulat siya sa sinabi ng pinsan. Kanina ay pinagbilinan pa siya nito na bumalik kaagad para may papalit dito sa pagbabantay sa ama nito pagkatapos ngayon ay ipinagtutulakan siyang umalis. "Di ba, Kuya?" Kinuha na nito sa kanya ang dala niyang supot ng pagkain.

"Ah… oo."

"Thanks, pero kaya kong mag-commute. Excuse me." Wala pa ring emosyon sa tinig ni Danielle nang sabihin iyon.

Napilitan siyang umalis sa pintuan para padaanin ito. Naiiling na sinundan na lang niya ito ng tingin.

"Nakaalis na 'yong tao kaya pumasok ka na diyan at isara mo ang pinto," pukaw ni Kate makaraan ng ilang sandali. Tila natauhan naman ang binata.

Nakita ng babae kung paano titigan ng pinsan si Danielle. Isinara ni Lawrence ang pinto at naupo sa couch. Tila nawala na naman siya sa sarili. Inilabas na ni Kate ang dala niyang mga pagkain.

“Kuya, magsalita ka naman diyan,” untag nito nang hindi pa rin siya umiimik. Tila malalim ang iniisip niya. Pinitik tuloy nito ang kanyang ilong.

“Ouch! Ba’t mo ginawa iyon?” natatauhang tanong niya.

“Na-mesmerize ka lang sa ganda ni Doc, hindi mo na ako naririnig. Alam mo, Kuya, napakalungkot ng mga mata niya.” Hindi nito napigilang isatinig ang obserbasyon.

Nagtatanong ang mga matang tumingin siya rito.

“Huh? Bakit mo naman nasabi iyon?”

“Ayon sa tsismosang nurse na nandito kanina, ika—”

“Ikakasal, alam ko na iyan. Nakita ko iyong engagement ring niya n’ung reunion namin.” Ipinakita niyang hindi na siya interesado sa mga sasabihin ng pinsan. Isinandig niya ang ulo sa headrest ng upuan. “Pero wala siyang suot na wedding ring kanina.”

“Hindi natuloy ang kasal dahil namatay ang fiancé ni Ate Danielle.” Gaya ng inaasahan ni Kate ay nagulat ang kausap. Napatuwid siya sa upo. “Sige, lalabas muna ako. Bibili lang ako ng mineral water

dahil nakalimutan mong bumili."

Pasipul-sipol pang iniwan siya ng pinsan.

*"NAMATAY ANG FIANCÉ ni Ate Danielle."* Paulit-ulit na bumabalik ang sinabi ni Kate sa kanyang isip. All this time ay inakala ni Lawrence na may pamilya na ang babae. Nang gabing makita niya ang engagement ring nito ay tinanggap na niyang wala na siyang pag-asa rito.

Nalulungkot siya na parang natutuwa nang malaman na hindi natuloy ang kasal nito. Nalulungkot siya dahil alam niyang masakit para kay Danielle ang nangyari. Masaya siya dahil may pagkakataon siyang pumasok sa buhay nito.

Liligawan niya ang dating kaklase. Kahit malamig ang pakikitungo nito, gagawin niya ang kanyang makakaya upang mapaamo ito.

Subalit mukhang mahihirapan naman siya sa binabalak niya. Dahil ayon sa kanyang pinsan, napakalungkot ng mga mata ng dalaga. Tila hindi pa ito naka-recover sa pagkamatay ng nobyo.

PASALAMPAK NA naupo siya sa sofa. It had been

a very tiring day for her. Danielle was exhausted; physically, mentally and emotionally just because she met him again.

She never expected that she would see Lawrence at the hospital. Ang akala niya pagkatapos ng reunion nila ay iyon na ang huli nilang pagkikita dahil nakapagdesisyon na siyang iyon na ang una at huling pagdalo niya sa reunion ng batch nila.

Hindi siya makapaniwala sa nakitang tuwa sa mukha nito nang makita siya. *Isang taon pa lang patay si Burt pero heto at hinahayaan mong guluhin ang isip mo ng Lawrence na iyon!* sigaw ng munting tinig sa kanyang isip. Hanggang sa kanyang pag-uwi ay di pa rin niya maalis sa isip ang muling pagkikita nila. Hindi na niya nagawang dumaan sa talyer para kunin ang kotse niya. Wala siyang choice kundi mag-commute bukas.

*Isang taon na ang nakakaraan kaya huwag mo nang pahirapan ang sarili mo*, piping paalala ng kanyang puso.

Naguguluhang naisubsob ni Danielle ang mukha sa kanyang mga palad.

Namalayan na lang niyang hawak-hawak niya ang engagement ring na ibinigay ng nobyo. *Burt…*

Pagpikit niya ay isang butil ng luha ang dumaloy sa kanyang pisngi. Nakatulog siya sa sofa…

PINAUWI MUNA NI LAWRENCE ang pinsan para makapagpahinga ito. Napapayag naman niya si Kate nang sabihan ito ng uncle niya na umuwi. Tinawagan na rin niya ang kanyang sekretarya sa opisina para sabihing i-cancel ang lahat ng appointments niya para sa araw na iyon dahil siya ang magbabantay sa tiyuhin.

Naguguluhan man sa ikinikilos niya ay hindi na nagkomento si Uncle Bien. Sanay ito na para siyang kalabaw kung magtrabaho. Tiyak niyang hindi ito makapaniwala nang sabihin niya rito na hindi siya papasok sa opisina para bantayan ang tiyahin.

*Lokohin mo'ng sarili mo. Kaya ka lang naman nag-absent para makita mo uli si Danielle.*

Ang sinabi ng pinsan niya ay dumadaan si Danielle pag umaga upang i-check ang kondisyon ng pasyente nito, pero mag-a-alas-ocho na ay wala pa ito.

"Ano'ng problema ng pamangkin ko at kanina ka pa di mapakali diyan?" di-mapigilang tanong ng kanyang tiyuhin. Ibinaba nito ang binabasang

diyaryo at sadyang hinintay ang sagot niya.

Ang akala ng binata ay naka-focus ito sa ginagawa, iyon pala ay inoobserbahan na siya nito. Kanina pa siya pabalik-balik na naglalakad sa loob ng silid nito.

Paano ba niya sasabihin dito na hinihintay niyang dumating ang doktora nito? Siguradong matatawa ito kapag narinig iyon. Hindi naman siya ang pasyente, pero siya ang hindi mapakali sa kahihintay sa pagdating ng cardiologist nito.

"Ang tagal naman po kasi ng doktora ninyo. Kailangang tingnan niya na kayo para mapanatag na ang loob ko."

Tumangu-tango si Uncle Bien pero halatang hindi ito naniniwala sa sinabi niya.

Nang makarinig siya ng mga katok ay excited na tinungo niya ang pinto. Inihanda niya ang matamis na ngiti para isalubong kay Danielle.

"Good morning po," bati ng napagbuksan niyang nurse. "Ipapainom ko lang po ang medications ng pasyente."

Dahan-dahang naglaho ang matamis na ngiti sa kanyang mga labi. Pinadaan niya ang nurse. Kinunan

nito ng blood pressure ang kanyang uncle matapos ipainom ang gamot nito.

Tahimik na nakaupo lang si Lawrence sa isang tabi. Nagdadalawang-isip siya kung tatanungin ito tungkol kay Danielle. Nang napadako ang tingin niya sa kanyang uncle ay tila naghihintay ito sa sasabihin niya.

Inili000gpit na ng nurse ang dala nitong BP apparatus nang bigla na lang itong magsalita.

“Hija, nasaan na nga pala ang doktor ko? Hindi ko pa siya nakikita. Gusto ko lang sana siyang pasalamatan sa pagsasalba ng buhay ko.” Tila nabasa yata ng tiyuhin ang tumatakbo sa isipan niya.

“Nasa ‘baba po si Doktora. Marami po kasing nagpapakonsulta sa kanya ngayon kaya ipinagbilin na lang po niya na i-check kayo. Ang sabi naman po niya ay maganda nan daw po ang lagay ninyo. Sige po.”

Nang makalabas na ang nurse ay sa kanya naman bumaling si Uncle Bien.

“Narinig mo ang s’abi ng nurse, hindi makakapunta ngayon ang doktor ko.”

Hanggang sa maghapon ay di siya mapakali.

Hindi na talaga umakyat si Danielle.

Nananadya ba ito?

"Lawrence, puwede bang puntahan mo sa clinic niya ang doktor ko?"

Nag-aalalang lumapit siya sa pasyente. "Bakit po? May sumasakit po ba sa inyo?" Kagyat niyang nakalimutan si Danielle.

"Gusto ko lang sanang magpasalamat sa kanya. Go now." Nakita niya ang makahulugang ngiti sa mga labi nito. Alam niyang partly true lang ang sinabi nitong dahilan. Kilala talaga siya ng Uncle Bien niya.

"Thanks, old man."

Magpoprotesta sana ito sa tinawag niyang pangalan dito, pero wala na itong nasabi pa dahil tila may pakpak ang mga paa na iniwan niya ito.

"DOC, may naghahanap po sa inyo," pag-iimporma ng medical secretary ni Danielle.

"Bigyan mo ng priority number," aniya na ipinagpatuloy ang pakikipag-usap sa telepono. Ang kausap niya ay ang Mama Salve niya, ang ina ni

Burt. Tumawag ito para alamin kung bakit hindi siya nakapunta sa bahay nito noong death anniversary ng anak nito.

Sumungaw na naman ang mukha ng sekretarya niya sa pintuan.

"Doc, hindi mo naman daw siya pasyente," sabi nito, mababakas ang kalituhan sa anyo.

"Sige, papasukin mo,"

Napilitan siyang magpaalam sa kausap. Nangako siyang tatawag mamaya pag-uwi niya. Ibinalik niya ang receiver sa kinalalagyan nito.

Kinabahan si Danielle nang mapagsino ang bisita niya. Hindi niya akalaing magagawi ito sa kanyang clinic.

He was so handsome. No! He was gorgeous in his branded shirt and faded jeans. Sinupil niya ang umuusbong na paghanga para sa binata. Pormal niya itong hinarap.

"Have a seat, Mr. Rodriguez. What brought you here?"

Mataman na nakatingin ito sa kanya. Tila hindi nito narinig sinabi niya. Tumikhim siya para matawag ang tila lumilipad nitong diwa.

"What did you say?"

"I asked you kung ano ang sadya mo sa 'kin. Don't tell me na may heart problem ka rin?"

"Oo… este, wala." Mababakas sa boses ng kausap na kinakabahan ito.

"Ano naman ang kailangan mo sa 'kin kung wala ka palang sakit?" pormal na tanong niya.

"Kasi… uhm… my uncle wants to see you dahil gusto niyang magpasalamat sa 'yo. He was disappointed when the nurse told him that you won't be able to check on him today."

"Iyon lang pala. Sige, aakyat ako mamaya. Tatlo na lang naman ang pasyenteng naghihintay sa 'kin. Pag natapos ako sa kanila, I'll visit your uncle. Magra-rounds na rin ako."

Aktong pipindutin na niya ang intercom para ipaalam sa sekretarya na puwede nang papasukin ang pasyenteng naghihintay sa labas nang pigilan iyon ni Lawrence. Hinawakan nito ang kamay niya. Tila may kuryenteng dumaloy sa simpleng pagkakadikit ng mga balat nila.

Naguguluhang napatingin siya rito.

"I love you." Basta na lang iyong lumabas sa

bibig ng binata. Iyon ang unang beses na nasabi nito iyon nang harap-harapan sa isang babaeng gumugulo sa isip nito.

“Hindi mo alam ang sinasabi mo. Binawi ni Danielle ang kamay na hawak nito. Tumayo siya at iminuwestra ang pinto. “Makakaalis ka na.”

Hindi man lang ito naapektuhan sa kanyang sinabi. She was as cold as ice. Natabunan na talaga ng kalungkutan ang kanyang puso. *Susuko ka na lang ba?* hamon ng isang parte ng pagkatao nito.

Tumayo ito ngunit sa halip na sundin ang inuutos niya ay lumapit ito sa kanya.

“Ganyan ka ba kahina? Patay na siya pero hanggang ngayon ay di mo pa rin siya makalimutan.” Hinawakan ni Lawrence ang mga balikat ng dalaga. Hindi ito umimik. Marahan niyang niyugyog magkabilang balikat nito pero wala siyang nakuhang sagot mula kay Danielle. Nanatiling nakatanaw ito sa kawalan. He saw one drop of tear fall down from her eye and then another. Parang pinipiga ang puso niya sa nakitang paghihirap nito.

HE WAS RIGHT. She was a weakling. Hanggang ngayon ay nabubuhay pa rin siya sa mga pangyayari

ng nakaraan. Hindi alam ni Danielle kung kalungkutan o karuwagan ang dahilan kung bakit nabuo ang pasya niyang iwasan ang lalaki.

Pilit siyang kumakawala sa yakap nito. Itinutulak niya ito, pero nakulong na ang kanyang mga kamay sa pagitan ng mga katawan nila. Hanggang sa maubos na ang natitira niyang lakas.

She decided to accept the comfort of his embrace. Hinayaan siya ni Lawrence na umiyak sa malapad nitong dibdib hanggang sa hikbi na lang ang maririnig mula sa kanya. Inilayo siya nito sa katawan nito. He cupped her face. She knew what would happen next.

He kissed her. The kiss was gentle. Tila gusto lang siyang bigyan ng lakas. Nagpatuloy ang marahan nitong paghalik sa kanya hanggang sa lumalim iyon. He tasted the sweetness of her lips. She felt his hands on her back, pulling her closer to his body. Masuyong nangunyapit ang kanyang mga kamay sa batok nito.

Hanggang sa maramdaman na lang niyang natatangay na siya sa agos…

*"Will you marry me, babes?" She could see the anticipation on Burt's face.*

*"Yes, I'll marry you."*

*Sa tuwa nito ay bigla na lang siyang binuhat nito.*

"Burt…" Hindi niya napigilang maisatinig ang laman ng kanyang isip. The kiss stopped. Naguguluhang naimulat niya ang kanyang mga mata. She saw Lawrence move away from her. Nakita niya ang sakit na mababanaag sa mukha nito bago siya tinalikuran.

Nasaktan niya ito nang hindi sinasadya. Hindi pa talaga niya nakakalimutan ang yumaong nobyo.

Inayos muna niya ang sarili bago tinawag ang sekretarya at sinabihan na papasukin ang susunod na pasyente.